

Baha, Bakwet:
Implikasyon ng Kalamidad sa Kakayahan
ng mga Kababaihang Naninirahan
sa *Evacuation Center*
ng Brgy. San Vicente, Angono

Victor G. Obedicen

Abstract

This paper explores how disaster situations exacerbate women's conditions and further reinforce their marginalization. It also tries to relate how institutional arrangements shape Disaster Risk Reduction and Management programs and activities that tend to neglect or subordinate women's needs to strengthen their capacities and lessen their vulnerabilities; and the long-term implications in developing their human capabilities towards their well-being. The study was done by culling out experiences of mothers living in a covered basketball court-turned evacuation center in Angono, Rizal.

This paper recommends taking advantage of recent developments at the global and national levels that provided opportunities to advance recognition and address women's rights in disaster situations. It also makes a case for the importance of organizing communities around women's issues and aspirations in transforming institutions.

Panimula

TAONG 2010 NANG UNA AKONG MAPADPAD sa Brgy. San Vicente, Angono, Rizal, bilang isa sa mga tagasaliksik ng Oxfam of Great Britain (Oxfam GB) sa ilalim ng Ketsana Early Recovery Project. Isa ang Brgy. San Vicente noon na tinukoy ng Oxfam GB na mapabilang sa tatlong barangay

sa bayan ng Angono na gawan ng Participatory Capacity and Vulnerability Assessment (PCVA) upang matukoy ang mga peligro, kahinaan, at kalakasan ng barangay sa usapin ng mga kalamidad. Isa kasi ito sa mga lubhang naapektuhan ng Bagyong Ondoy. Layunin ng Oxfam GB na maging batayan ang resulta ng PCVA upang makapagbuo ng Disaster Risk Reduction and Management Plan ang Munisipyo ng Angono. Sa pagsasagawa ng PCVA, sadya ang paghiwa-hiwalay ng mga impormasyon sa bulnerabilidad at kapasidad ng mga kababaihan at kalalakihan bilang pagkilala sa magkakaibang epekto ng kalamidad sa kanila.

Sa proseso ng pagsasagawa namin ng PCVA mayroon akong nakitang dalawang kalagayan na nakatawag pansin sa akin sa mga *evacuation centers*. Una, parang mga sardinas na nagsisiksikan ang mga nagsilikas doon. At pangalawa, puno ang mga *evacuation centers* ng mga nanay at bata. Naisip ko noong mga panahong iyon, ano kaya ang pakiramdam ng mga nakatigil doon sa ganoong uri ng kalagayan? Ano kayang mga usapin at hirap ang dinadanas nila sa pagtira sa *evacuation center*? Ano kaya ang epekto nito sa kanila bilang mga indibidwal at kabahagi ng komunidad? Subalit hindi ito nasagot ng pagkakataong iyon dahil ang naging sentro ng aming pag-aaral ay ang mga komunidad at hindi ang mga *evacuation centers*.

Matapos ang tatlong taon, muli akong dumalaw sa Brgy. San Vicente upang tingnan ang kalagayan ng barangay matapos ang Habagat noong nakaraang Setyembre 2013 na nagdulot din ng matinding pag-ulan at baha.

Sa aking pagbabalik, layunin ko na ituloy ang naantalang pag-alam sa kalagayan ng mga nasa *evacuation center* sa pamamagitan ng pakikipagpanayam sa ilang mga naninirahan doon. Isang *covered court* na ginawang *evacuation center* ng lokal na pamahalaan ang binisita ko para rito.

Nais kong malaman kung ano ang mga umusbong na bulnerabilidad at kapasidad ng mga taga-San Vicente mula nang tamaan sila ni Ondoy, partikular dito ang kalagayan ng mga kananayan na naninirahan sa *evacuation center*. Ikalawa, nais kong matukoy ang mga uri ng diskriminasyon na nararanasan ng mga kananayan bilang kababaihan dala ng paninirahan sa *evacuation center*. Pangatlo, nais kong malaman at masuri ang naging papel ng mga institusyong na may kaugnayan sa pagpapababa ng peligro ng kalamidad sa pagpapatuloy ng diskriminasyon sa kababaihan. Pang-apat, makapagbigay ng sariling saloobin sa implikasyon ng kanilang kalagayan dala ng kalamidad sa paglilinang ng kanilang kakayahan na maabot ang antas ng mabuting buhay. At ang panglima, magbahagi ng mga rekomendasyon sa gawaing pagpapaunlad sa kung papaano mas matutugunan ang mga usapin ng mga kababaihan sa konteksto ng kalamidad batay sa mga aral ng panayam.

Kalamidad at ang Epekto Nito

Mula sa estatisko ng Preventionweb (2013), magmula ng 1980 hanggang 2010, ang Pilipinas ay nakaranas na ng 363 pangyayari ng kalamidad. Pangunahin sa mga kalamidad na ito ay bunga ng malalakas na bagyo at ang malawakang pagbaha dala ng walang tigil na pag-ulan. Sa pagitan ng 1980 hanggang 2010 aabot na sa 32,956 katao ang namamatay habang 116,212,416 naman naging apektado ng mga kalamidad. Umaabot na rin sa halagang \$7,417,145,000 ang naging pang-ekonomiyang epekto ng mga kalamidad na ito.

Ayon nga kay United Nations Secretary-General Ban Ki-Moon (2012), dala ng nagbabagong klima, ang paglitaw ng mga malawakan at matitinding kalamidad ay maikokonsidera ng "*new normal*". At kaakibat ng bagong

kaayusang ito ay ang pagbabago rin ng nakagawian ng tao pagdating sa paghahanda.

Dulot din ng mga kalamidad ay ang pagbagal ng pag-unlad at pagpapalala sa kondisyon ng kahirapan para sa mga tao dala ng pagkasira ng kanilang mga sapi ng rekurso o kamatayan ng mga miyembro ng pamilya na siyang inaasahan pagdating sa kabuhayan (Balisacan, 2014). Ang limitadong rekurso rin ng pamahalaan na dapat sana ay nagagamit para sa mga gawaing pangkaunlaran ay nagagamit para sa *emergency response*, habang ang mga aspeto ng kahandaan at pagbangon sa kalamidad ay bihirang mapagtuunan ng pansin.

Ang Pilipinas ay pangatlo sa mga bansang mataas ang panganib na kinakaharap pagdating sa kalamidad ayon sa World Disasters Report ng 2013. Ito ay bunga ng natural na lokasyon ng bansa sa mainit na bahagi ng karagatan kung saan madalas na namumuo ang mga bagyo, at ang pagkakatuntong natin sa tinaguriang *Pacific Ring of Fire* na pinagmumulan naman ng mga paglindol. Mataas ang peligrong kinakaharap natin ayon na rin sa ulat ng World Bank pagdating sa bagyo, pagtaas ng tubig, at baha dahil 60% ng mga naninirahan sa mga mababang lugar sa bansa ay nakalugar sa mga tabing-dagat at ilog.

Nag-aambag din sa bulnerabilidad ng mga mamamayan ang maling paggamit at eksploytasyon ng mga natural na rekurso. Ngunit higit sa lahat, ang mabagal na pag-unlad ng bansa ang naglalagay sa bulnerableng kalagayan sa karamihan ng mga Pilipino dahil sinasabayan ito ng paglala ng kanilang kahirapan.

Ang Mahihirap Bilang Pinakabulnerableng Sektor Pagdating sa Kalamidad

Itinuturing ang mahihirap bilang pinakabulnerableng sektor pagdating sa panganib ng kalamidad. Ayon kay Ballesteros

(2010), aabot sa higit apat na milyong katao, o isa sa bawat sampung tao, na naninirahan sa Metro Manila ay nakalugar sa mga *slum*. Itinuturing na *slum* ang isang lugar panirahan kapag mayroon itong dalawa o higit pang mga katangian:

- mga bahay na gawa sa mahinang klase ng materyales at nakalugar sa mapanganib na lokasyon,
- makitid at nagsisiksikan dala ng limitadong espasyo,
- wala o kulang ng mga maayos na palingkuran, pribado man o pampubliko,
- wala o kulang ang imprastrukturang mapagkukunan ng malinis na tubig, at
- may inseguridad pagdating sa pag-aari ng lupang kinatitirikan ng pabahay.

Karamihan ng mga *slum* o 43% ay nakatirik sa mga lupang pag-aari ng gobyerno; 15% naman sa mga pag-aaring pribado; at 15% sa mga delikadong lugar katulad ng estero, tabing-ilog, at riles ng tren. Tinatayang sa taong 2050, 50% ng populasyon ng buong Metro Manila ay maninirahan sa mga *slum*.

Mas hirap ang mahihirap na salagin ang dagok ng mga kadelikaduhan kapag ito ay tumama kumpara sa mayayaman dahil kulang sila sa mga pangangailangan para protektahan ang sarili at agarang makabangon sa epekto ng kadelikaduhan. Ang kawalan o kulang na kita ng mahihirap ay nangangahulugan ng kakulangan din para sa sapat na pagkain, damit, at tirahan. Kasama na rin dito ang kawalan ng kakayahan para magkamit ng iba pang sapi ng rekurso na kailangan nila upang mabawasan ang pagkabulnerable ng kanilang kalagayan.

Historikal din ang ugat ng bulnerabilidad ng mga mahihirap. Ang problema ng hindi pantay-pantay na hatian

at access sa mga rekurso na nag-ugat pa mula sa panahon ng ating kolonyal na nakaraan ay hindi nagawang resolbahan ng mga dumaang pamahalaan (Heijmans & Victoria, 2001). Partikular dito ang hindi pagkakaroon ng maayos na programang repormang agraryo para sa mga magsasaka na syang nagtutulak sa karamihan na lumipat at manirahan sa mga lugar kostal na may hatid na panganib mula sa mga natural na kadelikaduhan.

Subalit mas higit ang bulnerabilidad ng mahihirap na kababaihan pagdating sa iba't-ibang uri ng kadelikaduhan, at mas mahirap din ang pinagdadaanan nila kapag nagkaroon ng isang kalamidad. Maliban sa mga nabanggit na salik tulad ng lokasyon, ang mga kababaihan ay bulnerable dahil sa hindi pantay na relasyong panlipunan at kasarian. Mas limitado ang access ng mga kababaihan sa mga mahahalagang rekurso na may kinalaman sa pagpapababa ng peligro katulad ng lupa, mga institusyong may kinalaman at nagdedesiyon pagdating sa kalamidad, hanapbuhay, at iba pa. (Nellemann, Verma & Hislop, 2011).

Ang mga Batas at Pandaigdigang Kasunduan Kaugnay ng Kalamidad

Kung susuriin, hindi naman nahuhuli ang Pilipinas sa pagkakaroon ng mga batas at mga pandaigdigang kasunduan na maaring maging gabay sa pagtugon sa iba't-ibang uri ng bulnerabilidad.

Ayon sa Republic Act 10121 o ang Disaster Risk Reduction and Management Law, ang Disaster Risk Reduction and Management (DRRM) ay tumutukoy sa sistematikong proseso ng paggamit ng administratibong pagdedesiyon, organisasyon, kasanayan at kapasidad para magpatupad ng mga polisiya, estratehiya at mga kapasidad sa pag-angkop ng lipunan at mga komunidad para mapababa ang babag ng mga natural na kadelikaduhan at ang mga

kaugnay na pangkapaligiran at teknolohikal na mga kalamidad. Ang RA 10121 ay ginagabayan ng Hyogo Framework for Action 2005–2015 (UNISDR, 2005) na nilagdaan ng mga bansa kabilang ang Pilipinas. Pangkalahatang layunin nito na pababain ang peligro dala ng kalamidad sa pamamagitan ng prayoritisasyon sa pagpapababa ng peligro ng kalamidad, pagpapabuti ng sistema sa impormasyon tungkol sa peligro at maagang babala, pagpapatingkad ng kultura ng kahandaan at kaligtasan, pagpapababa sa peligro ng mga susing sektor ng lipunan, at pagpapalakas ng kahandaan sa pagresponde sa kalamidad. Sa madaling sabi, ang DRRM ay maituturing na *good governance* o tamang pamamahala sa konteksto ng kalamidad.

Tampok din sa RA10121 ang pagkakaroon ng mga bagong probisyon na may malaking kaibahan sa mula sa dating batas na sinusunod pagdating sa kalamidad. Una, ang pokus ng batas ay ang pababain ang peligro ng pagkakaroon ng kalamidad sa halip na pagresponde kapag may nangyari ng kalamidad. Pangalawa, ang pagpapalit mula *emergency fund* patungong *DRRM fund* sa pondong nakalaan sa kalamidad. Ibig sabihin, 70% ng pondo ay maari nang gamitin sa mga proyektong may kinalaman sa paghahanda para sa kalamidad sa halip na dating nakalaan lamang para sa mga panahon na may *emergency*. Pangatlo, hayag ang pagkilala ng batas sa papel at partisipasyon ng mga lokal na komunidad sa pagpapababa ng peligro ng kalamidad sa pamamagitan ng paglalaan ng mga upuan para sa mga Civil Society Organizations (CSO) sa mga konseho ng DRRM sa mga lokal na pamahalaan. Pangunahing tungkulin ng mga konseho ng DRRM ang gumawa ng mga plano para sa paghahanda para sa kalamidad. Nangangahulugan na ang pamamahala ay hindi na lamang papel ng gobyerno kundi ng iba pang sektor na may taya pagdating sa pagpapababa ng peligro.

Ayon sa Ikatlong Artikulo ng Universal Declaration of Human Rights, kung saan isa rin ang Pilipinas sa mga lumagdagang bansa, ang lahat ng tao ay may karapatang mabuhay, maging malaya, at maging ligtas. Mahalaga ang dalawang punto na ito dahil una, ang responsibilidad ng estado na pangalagaan ang buhay ng kanyang nasasakupan ay walang pinipiling panahon. Pangalawa, ang estado ang may pangunahing responsibilidad sa pagpapatupad ng mga gawaing DRRM para masigurong ligtas ang mga mamamayan nito.

Ang *gender* o usaping pangkasarian ay kinikilala ng Hyogo Framework bilang isang susing salik sa DRRM. Una, dahil magkaiba ang peligrong kinakaharap ng kalalakihan at kababaihan pagdating sa kalamidad. Pangalawa, dahil ang mga kababaihan ay dumaranas ng diskriminasyon dala ng iba't-ibang kaayusang institusyunal ay mas mataas ang peligro nito kumpara sa mga kalalakihan. At pangatlo, may angking kapasidad ang mga kababaihan dala ng kanilang papel sa pamamahala ng mga lokal na rekurso na angkop sa pagpapababa ng peligro sa komunidad.

Mahalalagang Konsepto sa Pagsusuri sa Bulnerabilidad at Kakayahan ng Kababaihan sa Panahon ng Kalamidad

Kalamidad

Ayon sa United Nations International Strategy for Disaster Reduction (UNISDR) ang *disaster* o kalamidad ay isang pangyayari na nagdudulot ng seryosong disrupsyon sa komunidad o lipunan na may kaakibat na masamang epekto sa buhay ng tao, pag-aari, kabuhayan, at kalikasan. Ito ay nagdudulot ng pagkawasak na kung saan ang kapasidad ng apektadong komunidad ay hindi sasapat upang makayanang harapin ito gamit ang sarili nitong mga rekurso. Nangyayari ang isang kalamidad kapag nagtagpo

ang dalawang magkasalungat na pwersa: ang mga kalagayan at prosesong nagbubunga ng bulnerabilidad at ang isa o higit pang *hazard* o kadelikaduhan, habang ang apektadong populasyon ay mababa o walang kakayahan na salagin ang negatibong epekto ng kadelikaduhan.

Ang kadelikaduhan ay tumutukoy sa mga pisikal na pangyayari o mga gawain ng tao na may potensyal maging mapanira at magdulot ng kapinsalaan sa buhay ng tao at mga ari-arian, sosyo-ekonomikong disrupsyon, at pagkasira ng kapaligiran. Ilan sa mga halimbawa ng natural na kadelikaduhan ay ang mga bagyo, baha, at lindol. Ang mga mga digmaan, polusyon, at sunog naman ay halimbawa ng mga kadelikaduhang gawa ng tao.

Ang bulnerabilidad naman ay tumutukoy sa mga katangian at kalagayan ng komunidad, sistema, o rekurso na sensitibo sa mapanirang epekto ng kadelikaduhan.

Ang kaayusan at katayuan sa lipunan, uri ng hanapbuhay, kasarian, edad, at kalusugan ay ilan sa mga salik ng bulnerabilidad (Wisner, Blaike, & Davis, 2003). Kung kaya't masasabi na mayroong mga indibidwal at komunidad na mas mataas ang bulnerabilidad kumpara sa iba. Mayroon ding elemento ng panahon at oras ang bulnerabilidad. Hindi lamang ito nararanasan at nararamdaman pagkatapos ng kalamidad kundi maging sa panghinaharap lalo na kung ang mga sapi ng rekursong pangkabuhayan ay nasira, na nagreresulta ng bulnerabilidad na kalagayan sa mga padating pang kalamidad sa hinaharap.

Kapasidad naman ang turing sa kabaligtaran ng bulnerabilidad kung saan tumutukoy ito sa mga rekurso at kasanayan ng isang tao o komunidad upang makaiwas o mapapababa ang epekto ng kalamidad sa kanilang buhay.

Institusyon

Tumutukoy ang institusyon sa mga establisadong batas, panuntunan, at nakagawian ng tao (Bell, 2002). Mahalaga ang mga institusyon dahil ang pamamahala ay nangyayari sa loob ng mga ito. Ang mga pangunahing aktor din sa isang institusyon ang may hawak ng kapangyarihan at kayang magmobilisa ng mga rekurso para sa mga pampulitkang bakahin at mga usapin sa relasyon sa pamamahala. Para sa isang indibidwal nagsisilbing gabay ang institusyon sa paraan ng kanyang pakikipag-ugnayan sa mga katulad niyang aktor na nakapaloob dito. Sa mga kaayusang institusyunal din nakalubog ang mga panuntunan at paniniwala na maaring pagmulan ng diskriminasyon partikular sa mga hindi naituturing na mga pangunahing aktor ng isang institusyon.

Pagkakahon ng Kasarian

Tumutukoy ang *gender stereotypes* o pagkakahon ng kasarian sa simplistikong paniniwala na mayroon talagang ganap na pakakaiba ang mga katangiang sikolohikal at asal ng mga kalalakihan at kababaihan bunga ng kanilang biyolohikal na pagkakaiba, sa halip na sa nakaatang na mga papel sa lipunan (AHRC, 2007). Makikita at hayag ang ganitong kalagayan sa hatian ng gawain batay sa kasarian, kung saan ang gawaing reproduktibo katulad ng pamamahala ng bahay ay pambabaeng papel samantalang ang gawaing produktibo o paghahanap-buhay ay papel ng kalalakihan.

Dahil sa permanente ang pagtingin nito sa papel ng kababaihan at kalalakihan, nagdudulot ito ng diskriminasyon para sa mga kababaihan. Isang halimbawa nito ay ang pagkakaroon ng pagkakataon na makagamit o makapag-ari ng mga sapi ng rekurso, sa hatian ng kita, at sa partisipasyon sa pagdedesisyon.

Ito rin ay nagiging dahilan ng subordinasyon ng kababaihan kung saan mas mababa ang estado ng kababaihan kumpara sa mga kalalakihan, at ang identidad ng kababaihan ay nakakabit sa mga establisimentong kiling sa mga kalalakihan (Ferrer, 2009).

Sinasabing nagpapatuloy ang estereotipya ng kasarian sa pamamagitan ng panlipunang reproduksyon ng mga ito.

Mga Sentrong Kakayahan ng Tao

Ayon kay Sen (1999), ang tunay na pag-unlad ay hindi lamang nakabatay sa *income* o kita kundi sa mga *capabilities* o ang mga kakayahan ng isang tao upang maabot niya ang antas ng maalwang buhay o *well-being*. Ang kakayahan ay tumutukoy sa mga bagay na nagagawa ng isang tao at ang kalayaan niya para isagawa ang mga ito. Upang malinang ang mga kakayahang ito hindi sapat na ekonomiya lamang ang pinagtutuunan ng pansin sa pag-unlad kundi maging ang kalusugan at edukasyon ay dapat ding nabibigyang pagpapahalaga.

Bilang pagpapalawig ng usaping kakayahan, para naman kay Nussbaum (2000), kailangang tingnan hindi lamang ang kakayahan ng taong mabuhay kundi ang kakayahan ng taong makamit ang tinatawag niyang *good life* o ang mabuting pamumuhay. Para sa kanya ang namumuhay ng mabuti ay may kakayahang gawin ang sumusunod:

1. *Buhay*. Nabubuhay ng buo at kumpleto; ng hindi mamatay ng hindi pa niya oras; o hindi patuloy mabuhay na walang silbi;
2. *Pangkatawang kalusugan*. Magkaroon ng malusog na pangangatawan, pagkain, at tirahan;

3. *Pangkatawang integridad*. Makagalaw ng buong laya, maging ligtas sa ano mang panganib, makapagdesisyon sa sariling kagustuhan;
4. *Pandama, imahinasyon, pag-iisip*. Nagagamit ang iba't-ibang pandama upang mangarap, mag-isip, at magmuni-muni nang may kalayaan sa pagpapahayag at paniniwala. At makaiwas sa sakit at makaranas ng kaginhawaan;
5. *Emosyon*. Makipag-ugnayan sa ibang bagay at tao, magmahal ng mga taong nagmamahal, at emosyunal na pag-unlad nang walang takot;
6. *Praktikal na pangangatwiran*. Nagagawang makapag-isip at makapagdesisyon kung ano ang tama, at nag-aplano para sa sariling buhay;
7. *Kabilangan*. Nabubuhay kasama at para sa iba, at nakakaramdam ng pag-aalala para sa iba. Nakiki-halubilo sa mga relasyong may pagkilala sa sariling dignidad at respeto sa indibidwalidad;
8. *Sa iba pang uri ng buhay*. Nagpapakita ng malasakit sa mga hayop, tanim, at kalikasan;
9. *Paglalaro*. Nakakatawa, nakakapaglaro, at naglilibang;
10. *Kontrol sa kapaligiran*. Nakokontrol ang kanyang kapaligiran sa pamamagitan ng malayang paglahok sa mga politikal na proseso, at nagagawang magkaroon ng mga aria-arian at pumasok sa mga makabuluhang relasyon.

Sa balangkas ng konsepto ng pag-aaral na ito, ang kalamidad ay itinuturing na "new normal" bilang panlipunang kaayusan. Sa bawat tipo ng kadelikaduhan, ang bawat kababaihan ay mayroong kapasidad at bulnerabilidad na kinakaharap. Kapag mas ganap ang bulnerabilidad, mas malaki ang probabilidad na makaranas ng kalamidad kumpara sa kung mas mataas ang kapasidad. Kasukat ng pagpapalakas ng kapasidad ang pag-unlad ng kakayahan ng kababaihan dahil hindi maaring linangin ng

mga ito ang kanilang kakayahan habang may inseguridad na dala ang mga kadelikaduhan nararanasan nila. Upang mapababa ang bulnerabilidad kailangang umunlad ang kapasidad para magkaroon ng katatagan sa harap ng kalamidad. Ang kakayahan ng indibidwal naman ay nagkakaroon ng pagkakataong malinang kapag hindi na ito negatibong naapektuhan ng kalamidad.

Subalit ang pagkakataon at kapangyarihang mapalakas ang kapasidad at kakayahan ng mga indibidwal at komunidad ay itinatakda ng mga kasalukuyang institusyunal na kaayusan, mga polisiya, at panlipunang proseso. Ang mga ito ang nagsasabi kung papaano at sino lamang ang maaring maging matatag at makapaglinang ng kanilang kakayahan, at sa katapusan ay mabuhay ayon sa mga batayan ng mabuting buhay. Kaakibat ng mga kaayusang ito ang pagkakaroon din ng mga pamantayang mas may pagkiling sa kakayahan ng mga kalalakihan sa pagharap ng panganib ng kalamidad at paglilinang ng kanilang mga kakayahan. Ang mga kaayusang ito ang nagpapabagal o sumasagka sa mga kababaihan na malinang ang kanilang kakayahan sa konteksto ng kalamidad.

Ang Barangay San Vicente

Ang Brgy. San Vicente ay mula sa pangalan ng Santong Patron nito, at isa sa mga orihinal na barangay ng Bayan ng Angono. Ayon sa barangay *profile* nito, ang San Vicente ay tinatayang may lawak na 81.42 hektarya. Noong taong 2007 tinatayang nasa halos 11,000 ang residente ng barangay kung saan mahigit 4,000 ang kalalakihan at mahigit 6,000 naman ang mga kababaihan na nasa halos 3,000 kabahayan naninirahan. Mayorya ng mga residente ng San Vicente ay mga Romano Katoliko.

Ang panayam ay isinagawa noong Oktubre 17, 2013 sa mismong *covered court* ng Brgy. San Vicente na nagsisilbing *evacuation center*. Sa panahon na isinigawa



ang panayam ay mayroong 108 pamilyang nagsisiksikan dito dahil hindi pa bumababa ang tubig sa kanilang mga tirahan sa tabing-lawa.

Sa tulong ni G. Nick Sisican na isang lider sa Brgy. San Vicente ay nakapag-imbita kami ng limang mga kananayan na pansamantalang naninirahan sa *covered court*. Ipinaliwanag sa kanila ang layunin ng panayam, at pormal na hiniling ang kanilang pagpayag na magamit ang kanilang tugon sa mga katanungan.

Sa proseso ng paghingi ng pahintulot sa kanila kaugnay ng pananaliksik na ito, pumayag ang lima na maibahagi



FGD kasama ang mga nanay

ang kanilang mga larawan pero hiniling na alisin ang kanilang mga pangalan.

Ang limang kababaihang nakapanayam ay may edad na 30 taong gulang (1), 38 (1), 43 (2) at 44 (1). Lahat ay may asawa at mga anak. Dalawang anak ang pinakamaliit na bilang at walo naman ang pinakamalaking bilang ng anak. Ang tatlo pang nanay ay may 3 o 4 na anak. Pagtanim ang ikinabubuhay ng tatlo sa kanila habang may isang nagtatrabaho sa palaisdaan at isa naman ay namamasukan.

Para sa panayam, ito ang mga sumusunod na tanong na nagsilbing gabay ko sa pakikipapanayam sa mga kanayan:

1. Ano ang naging karanasan ninyo sa Ondoy? Nitong nakaraang habagat?
2. May pagbabago ba sa kalagayan ninyo noong kayo ay na-Ondoy at nitong habagat?

3. Ano sa tingin/karanasan ninyo ang naging epekto ng mga kalamidad sa kasalukuyang kalagayan ninyo ngayon?
4. Ano sa tingin ninyo ang mga naging dahilan kung bakit kayo ay apektado o hindi ng nagdaang mga kalamidad?
5. Ano ang mga pangangailangan ninyo upang makabangon sa kalamidad? Mayroon bang nakakatugon nito? Sino ang tumutugon nito?

Mga Kadelikaduhan at Sektor na Bulnerable

Ayon sa isinagawang Participatory Capacity and Vulnerability Assessment o PCVA ng Oxfam GB noong taong 2010, ang Brgy. San Vicente ay maituturing na nasa *danger zone* dahil ang lokasyon nito ay nasa tabi mismo ng lawa ng Laguna. Dagdag pa dito ang pagkakaroon ng ilog na madaling umapaw kapag malakas ang pag-ulan. Pangunahing *hazard* ng barangay ang bagyo at pagbabaha tulad ng naging karanasan nila noong bagyong Ondoy.

Pangunahing bulnerable sa pagbabaha ay ang mga kabahayan na nakatayo mismo sa tabing-lawa o laylayan at mga kabahayan sa tabing-ilog. Mayroon ng resolusyon ang lokal na pamahalaan na alisin at ilikas ang mga kabahayan na nakatayo sa mga lugar na lagpas sa *buffer zone* ng lawa subalit dahil wala namang pondo ang lokal na pamahalaan para bumili ng lupa para sa relokasyon sa loob ng Angono ay hindi ito nasusunod. Pangalawa, kahit ang mga lugar na hindi sakop ng *buffer zone* ay inaabot din ng pagbabaha tulad halimbawa ng Exodus Compound. Subalit dahil lehitimong pag-aari ng mga residente ang lupang kinatitirikan ng kanilang mga bahay ay hindi madali sa kanila na iwanan ang mga ito. Yaon namang amenable sa paglipat ay wala namang pinansyal na kakayahan para bumili ng lupa sa mga ligtas na subdibisyon.

Dahilan ng Pagbabaha:

Itinuturing ng mga nakapanayam ko na ang mayor na dahilan kung bakit nagkaroon ng pagbabaha ay ng sumabay na taas ng tubig sa lawa at tubig na nanggaling sa kabundukan dala ng malakas at mahabang pag-ulan. Pero ayon sa tatlong kapanayam ko na matagal nang naninirahan sa San Vicente, lubha na ring bumabaw ang libel ng lawa kung kaya't ang tubig ay madaling umapaw. Sa tingin nila isang dahilan ng pagbabaw ng tubig ay ang sobrang pagtatapon ng basura sa lawa. Kasama rin sa tingin nila ang mga naanod na lupa sa mga *quary sites* na



Hindi agad bumababa ang baha sa San Vicente

nakapaligid sa lawa ng Laguna. Ang Rizal ay isa sa mayor na pinagkukunan ng mga materyales para sa konstruksyon tulad ng mga panambak at panggawa ng semento.

Mga Tulong na Natanggap:

Noong pagkatapos ng Ondoy, ayon sa kanila ay nakatanggap sila ng mga tulong tulad ng *relief goods* mula sa lokal na pamahalaan, subalit karamihan ng tulong ay nagmula sa mga NGOs.

(Sa panahon na isinagawa ang PCVA lumabas na karamihan sa mga organisasyon ay galing sa labas at karamihan ng kanilang naging tulong ay sa pagbibigay ng *relief*.)

Samahan	Naibigay na tulong
Asian Social Institute	Relief goods, housing
JAFS	Relief goods, livelihood
World Vision	Relief goods, tents
GMA Foundation	Relief goods
Oxfam	Relief goods, cash, WASH, livelihood assistance, medical mission
Jesus is Lord	Relief goods
Galilee Christian Church	Relief goods
Red Cross	Relief goods, housing relocation
Salvation Army	Relief goods
Unicef	Relief goods, WASH, feeding
Akbayan	Relief goods
PhilTRAA	Relief goods
Ateneo De Manila	Relief goods
MSF	Relief goods, medical mission
US Aid	Relief goods, tents
Canadian	Relief goods, tents
DSWD	Relief goods
Handicap International	Housing repair, assistance to the disabled
Adventist Development and Relief Agency	Relief goods, beddings, school rehabilitation
Land Bank	Relief goods
ABS-CBN	Relief goods
Gov. Jun Ynares	Relief goods
Philippine National Police	Medical mission

Kalagayan at Epekto ng Ondoy Noong 2009:

Ibinahagi ng apat mula sa limang kalahok ng panayam na noong Bagyong Ondoy noong 2009 ang pinakamalaking pinsala na naranasan nila ay ang pagkasira ng kanilang mga kabahayan. Ayon sa kanila may mga lugar na abot hanggang bubong ang baha lalo na yung mga nasa tabi mismo ng lawa ng Laguna o laylayan. Hindi lamang sa unang bugso ng baha sila apektado kundi maging sa mabagal na pagbaba ng tubig-baha na ayon sa kanila ay inabot ng halos apat na buwan.



Mukha ng evacuation center ng San Vicente

Dahil ditto, tatlo sa kanila ang napilitan manirahan sa mga *evacuation centers* at tiisin ang mahirap na kondisyon ng pamumuhay katulad ng kakulangan at siksikan sa espasyo, init, malayo at mahirap na pinagkukunang tubig, at kulang na mga lugar paliguan at palingkuran.

Isa sa kanila ang piniling huwag iwan ang kanilang bahay kahit lubog ito sa baha at itinuloy ang paninirahan sa ikalawang palapag. Subalit naging mahirap naman ang kanilang paggalaw dahil kinailangan nilang palagiang mamangka paalis at pabalik sa kanilang tirahan. At dahil lubog pa ang kalahati ng kanilang bahay ay wala rin silang kuryente sa mahabang panahon.

Maliban daw sa pisikal na kalagayan, o dahil dala nito, naranasan ng mga nagtigil sa *evacuation center* ang pagkakasakit tulad ng ubo, sipon, pulmonya, at iba pang may kaugnayan sa baha dahil ang sementong tinutulugan nila ay masyadong mainit o masyadong malamig.

Apektado rin ang pag-aaral ng kanilang mga anak dahil ginawang isa sa mga *evacuation center* ang pampublikong paaralan na pinapasukan nila. At kapag naman daw nanumbalik ang klase ay kinakailangang mabawi ang mga araw na nailiban ng mga estudyante. Sabi nila, maliban sa dagdag na araw na kailangan nilang asikasuhin ang pagpasok ng kanilang mga anak, nagdaragdag din daw ito ng gastusin para sa baon ng mga bata.

Isa pang seryosong epekto raw sa kanila ng Ondoy noon ay ang pagkasira ng kanilang mga hanap-buhay. Sa limang nakapanayam ko, tatlo ang nasa pagtatanim, isa ang may asawang namamasukan, at isa ang nasa pag-aalaga ng isda.

Kapag hindi panahon ng tag-ulan ay mababaw ang libel ng tubig sa lawa, sapat para umangat ang ilang bahaging lupa nito. Dahilan ditto, nagkakaroon ng libreng espasyong lupa ang mga nagtatanim lalo pa at madaming naiipong sustansya sa lupa galing sa lawa. Subalit nang tumama ang Ondoy sa kanila ay matagal silang hindi nakapagtanim dahil sa hindi kaagad bumaba ang tubig ng lawa.

Para naman kay Malou na pag-aalaga ng tilapia ang hanap-buhay, sinabi niyang nasira ang kanilang maliit na *fishpen* dahil sa malakas at mataas na alon sa lawa habang bumabagyo. Dahil dito nakawala ang kanilang mga alagang isda at hindi na nila napakinabangan.

Kalagayan Pagdating sa Kalamidad Mula nang Matapos ang Ondoy:

Ibinahagi ng mga nanay na dahil sa karanasan nila sa Ondoy, naging mas maalam at alerto sila sa pagdating ng bagyo. Pagkatapos ng Ondoy, mabilis na silang nakapag-hahanda at lumilikas na kapag mayroong padating na bagyo. Alam na rin nila kung ano ang kanilang mga iha-handang kagamitan at kung saang *evacuation center* sila tutuloy.

Mayoon na rin daw mga pagsasanay na ibinigay ang lokal na pamahalaan para sa mga nagsasagawa ng *rescue*, at may kagamitan na rin daw silang nagagamit kung kailangang magsalba. Kung kaya't mas maagap ang mga *rescue team* ng barangay.

Subalit umaayon silang lima na sa pangkalahatan ay walang ipinagbago ang kanilang kalagayan at kahandaan ng lokal na pamahalaan sa usapin ng kalamidad.

Bilang pagpapatunay, mula noong Ondoy ay taon-taon na silang naninirahan sa *evacuation center* kapag may bagyo, at hindi na kakaiba na ang karamihan sa kanila ay nagbabagong taon na rin dito. Inirarason nila na hanggang sa kasalukuyan ay nananatili pa ring plano o balakin ng pambansa at lokal na pamahalaan ang pag-*dredge* o paghuhukay sa lawa para muling lumalim ito. Pinalalim pa nila ito sa pagsasabing tingin nila hindi sila prayoridad ng gobyerno kaya hindi nilulutas ang problema ng lawa.

Sa panahon naman pagkatapos ng kalamidad katulad nitong nakaraang habagat na tumama noong Oktubre



Ito ang ilog
matapos
humupa ang
tubig
pagkatapos ng
Bagyong
Ondoy noong
2010



Ito ang lebel ng
tubig sa ilog ng
San Vicente
pagkatapos ng
Ulang Habagat
nitong Oktubre
2013

2013, maliban sa pagkakaroon ng *evacuation center*, nanatili pa rin na kulang at mabagal ang pagresponde ng lokal na pamahalaan para maibsan ang kalagayan nila. Sangayon sila na mas mabuti pa noong panahon ng Ondoy dahil madaming mga NGOs ang nagbigay ng tulong tulad ng pamamahagi ng *relief goods*. Nitong nakaraang habagat ay isang beses lang sila nakatanggap ng *relief* mula sa lokal na pamahalaan sa loob ng *evacuation center*. Pagkatapos noon ay wala nang sumunod. Kung meron man silang natanggap, ito ay galing sa mga NGOs at iba pang pribadong samahan na nagmagandang loob na tumulong. Medyo naging mahirap na rin ang pamamahagi

ng mga NGO mula nang ipinaraan nila ang tulong sa lokal na pamahalaan. Tingin nila, tanging mga kaalyado o kakilala lamang ng mga tao sa lokal na pamahalaan ang nabibiyayaan. Kaya naidagdag nila na sila rin ay nagagamit ng pamahalaan sa paghingi ng tulong sa labas subalit hindi naman na ito umaabot sa kanila.



Bilang mga nanay ay dagdag pasanin ang kawalan ng hanapbuhay kapag may kalamidad dahil sila ang gumagawa ng paraan para makadagdag sa kita ng kanilang mga asawa, o di kaya ay mamahala at pagkasyahin ang ano mang maiabot sa kanila ng kanilang mga asawa.

Ako at ang mga kananayan pagkatapos ng FGD

Pangangailangan sa Panahon ng Kalamidad:

Bilang mga evacuees pangunahing pangangailangan nila sa *evacuation center* ang pagkakaroon ng malinis at malapit na pinagkukunan ng tubig na magagamit. Isa ring kailangan nila habang nakatigil sa *evacuation center* ay

ang malinis at sapat na dami ng palingkuran. Dahil karamihan sa kanila ay nasira ang mga hanap-buhay dahil sa baha, kailangan nila ng mga pantawid na proyekto mula sa pamahalaan tulad ng *food for work* o *cash for work*. Nitong pagkatapos ng habagat ay nagkaroon ng *food for work project* ang DSWD subalit araw lang ang itinagal nito.

Subalit upang ganap na makabangon sa kalamidad ang pinakamahalagang pangangailangan nila ay pagbabalik ng kanilang hanap-buhay. Kapag kasi kumikita na raw ulit sila ay maari na nilang tustusan ang pagpapagawa ng mga bahay nila. Ayon din sa kanila, wala namang proyekto o tulong ang lokal na pamahalaan para sa ganitong pangangailangan tulad ng pautang o *financial assistance*. Nabanggit din nila na kailangang gawan ng paraan ang madalas na pag-apaw ng lawa para hindi na sila binabaha o kung bahain man ay bababa kaagad ang tubig.

Bulnerabilidad, Diskriminasyon at Implikasyon sa Kakayahan

Diskriminasyon Bilang Kabahagi ng Uring Maralita

Pangunahing napuna ko ang kakulangan ng mga mga *asset* o sapi ng rekurso ng mga pamilyang nakikitigil sa *evacuation center*. Ayon kay Sanderson (2012), may dalawang mahalagang papel ang sapi ng mga rekurso. Una, nagpapalakas ang sapi ng mga rekurso sa kapasidad para maabot pa ang ibang rekurso tulad halimbawa ng edukasyon (bilang pantaong rekurso) na maaring magbigay ng maganda at permanenteng hanap-buhay. Pangalawa, nagpapababa ang mga ito ng bulnerabilidad bilang pananggalang ng mga tao sa mga panlabas na *shocks* tulad ng matibay at konkretong bahay pananggalang sa

bagyo, o mga relasyon na nagagamit bilang takbuhan kung mangangailangan tulad ng pangungutang.

Sa usapin ng sapi ng mga rekurso, masasabi na ang kakulangan nito ang nagpapanatili sa mga naninirahan sa tabi ng lawa sa San Vicente na maging bulnerable sa harap ng bagyo at baha. Unang salik ang lokasyon ng komunidad sa bulnerabilidad nito (*natural*). Ang lugar sa tabing-lawa ay panghabambuhay na kadelikaduhan dahil sa katangian ng lawa ang umapaw, at ang lugar na kinatitirikan ng komunidad ay bahagi talaga ng lawa. Masasabing ang pinakamabuting magawa ay ang paglikas sa ligtas na lugar at doon na magpirme. Subalit dito pumapasok naman ang kakulangan sa pinansyal na kakayahan ng naninirahan sa laylayan para maghanap ng ligtas na lugar panirahan. Sa kasaysayan ng mga apektadong residente, ang kanilang komunidad ay isang *housing project* kung saan sila nailipat kung kaya't mayroong sentimental na dahilan ang kanilang pananatili. Dagdag din dito na hindi kusang loob o *choice* ng mga residente ang pagtigil sa tabi ng lawa subalit dala ng limitadong mapagpipilian ay ang pagpayag na doon manatili. May mga naimungkahi ng *resettlement sites* para sa mga nais magsilikas subalit hindi rin ito kinakagat ng mga residente lalo na at malayo sa kabuhayan nila at mga batayang serbisyo ang lugar ng relokasyon.

Makikita rin ang kakulangan ng mga residente pagdating sa *social asset* o sapi ng mga rekursong panglipunan. Una, hindi sila kabahagi ng mga institusyon na syang gumagawa at nagpapatupad ng mga pampublikong polisiya kung kaya't hindi nasasagot ang kanilang kalagayan. Pangalawa, wala rin silang ganap na impluwensya sa mga institusyon na ito kung kaya hindi sila prayoridad sa mga polisiya at programang ipinatutupad. Isang halimbawa ang pagtataguyod ng mga *relocation site*. Batay sa napakasimple at literal na pagtingin ang pagtatayo ng mga *relocation site* pagkatapos ng Ondoy dahil ang tanging mga payak na mga kabahayan lamang ang itinayo.

Walang tubig at kuryente; malayo sa mga batayang serbisyo katulad ng ospital, palengke, at mga paaralan; at walang hanap-buhay o mapagkakakitaan. Bunga ito ng kawalan ng konsultasyon sa mga biktima ng kalamidad. Sa kaso naman ng mga nagsilikas, makikita ang kakulangan sa sapi ng mga rekursong pisikal dahil sa hindi pagkakaroon ng maayos na *evacuation centers*. Kung iisipin, apat na taon na ang nakalipas mula nang magkaroon ng matinding pagbaha, at mayroon na ring batas na naipasa para sa kalamidad subalit hindi pa rin napaglaanan ng lokal na pamahalaan ang pagtatayo ng mga permanente at maayos na *evacuation centers* gayong inaasahan na na kapag may malakas na bagyo ay binabaha ang San Vicente at matagal ang pagbaha ng tubig-baha rito.

Isang aspeto rin ng sapi ng mga rekursong panlipunan na pinapahina ng kalagayang dala ng kalamidad ay ang pagkakaisa ng komunidad. Dahil sa kakulangan ng mga tulong at oportunidad para sa mga miyembro ng komunidad na naapektuhan ng kalamidad, mas nangingibabaw ang pagpapahalaga sa pansariling *survival*. Nagkakaroon ng kompetisyon at unahan sa pagkalap at pagkuha ng mga limitadong ayuda mula sa mga pampubliko at pribadong samahan. Ang disperasyon din ng mga apektadong tao ay nagagamit din ng mga nasa kapangyarihan sa pagsusulong ng makasariling pampulitikang interes. Sa pamamagitan ng diskriminasyon sa pamamahagi ng tulong (maging *relief* man ito o pangkabuhayang ayuda) mas lalong nahahati ang saloobin ng mga apektadong indibidwal, at mas nagiging hamon ito para sa mga nais mag-organisa ng mga komunidad.

Papel ng mga Panlipunang Institusyon

Sa pakikipagpanayam ko sa mga kananayan na nasa *evacuation center* napagtanto ko na malaki ang ginampanan, ginagampanan, at gagampanang papel ng mga

pumapagitnang institusyon, polisiya, at mga proseso sa kalagayan ng mga taga-San Vicente.

Tulad ng paliwanag ng balangkas sa itaas, ang mga ito ay maring magsilbing daanan o pader para sa akumulasyon, kontrol, o access sa mga asset na kailangan para mapalakas ang kanilang kapasidad at mabawasan ang bulnerabilidad. Sa kaso ng mga nasa *evacuation center*, namamagitan ang mga ito bilang pader na humaharag sa kanila mula sa pagkakaroon ng kontrol sa mga mahalagang asset upang sila ay maging matatag sa kalamidad.

Ang RA 10121 o DRRM Law ay naratipika matapos ang pananalanta ng bagyong Ondoy. Ang adbokasiya sa pagkakaroon ng ganitong batas ay dekada nobenta pa isinusulong ng mga NGOs at pinakinggan lamang ng maranasan ng buong Metro Manila ang isang matinding kalamidad. Sa pananalasa ng Ondoy, binasag nito ang ilusyon ng kalunsuran hinggil sa kahandaan at katatagan pagdating sa isang matinding kalamidad. Layunin ng batas na ito na mabigyang kapangyarihan ang pamahalaan na magsagawa ng mga paghahanda sa masamang epekto ng iba't-ibang *hazard* para maiwasan ang kalamidad. Partikular dito ay ang pagkakaroon ng pondo na maring magamit sa mga gawain at proyekto para maiwasan o mapababa ang epekto ng kalamidad.

Ayon kay Sen (1999), ang mga pampublikong polisiya ay dapat na sumasalamin sa kung ano ang tama at naayon sa pagtingin ng mga pinamamahalaan lalo na sa pagpapalawig ng mga kalayaan na nagpapaunlad sa kanilang kapasidad.

Subalit apat na taon matapos ang Ondoy at tatlong taon mula nang maging batas ang RA 10121, nanatiling kulang o kapos ang paghahandang inilalaan ng parehong pambansa at lokal na pamahalaan para maibsan ang kalagayan ng mga naninirahan sa tabing lawa gaya ng Brgy. San Vicente.

Bagaman may mga paglilikas na ginagawa sa mga lugar na kinokonsiderang mapanganib, malaking suliranin naman para sa mga nagsisilikas ang mga *relocation sites* dahil sa kakulangan ng mga kailangang pasilidad upang mabuhay nang maayos at maalwan katulad ng kuryente, tubig, *health clinic*, palengke, at hanap-buhay. Napatunayan ito mismo ng pagbisita at pakikipagpanayam ng klase sa isang *relocation site* sa Gaya-gaya, Bulacan.

Habang ang mga kabahayan sa mga delikadong lugar ay pilit na inaalis, iba naman ang pagtrato sa ibang mga establisyemento na nakalugar din sa panganib. Halimbawa, sa isang presentasyon ni Dr. Alfredo Mahar Lagmay (2011) patungkol sa pag-unawa sa lindol, lumalabas na maraming malalaking establisimento ang nakapagtayo ng istruktura sa mga lugar na maikokonsiderang mapanganib. Makikita ang pagkiling na ito halimbawa sa kaso ng SM Marikina na nakatayo sa isang kinokonsiderang *danger zone* (Manila Standard Today, 2013). Subalit dahil ang establisyementong ito ay may malaking pang-ekonomiyang benipisyo para sa Lungsod ng Marikina ay pinahintulutan itong maitayo at magpatuloy na nakatayo. Makikita rin ang pagkakaroon ng sapat na pinansyal na rekurso ng SM ay nagbigay kapasidad dito para gawing mapatatag ang gusali sa harap ng baha at posibleng lindol.

Ang Manggahan *floodway* ay isa ring halimbawa ng isang proyektong ipanatupad ng pamahalaan na nakabatay interes ng pribadong sektor. Upang maibsan ang laganap na pagbabaha sa Metro Manila na syang sentro ng kalakal at komersyo, nilikha ang *floodway* upang maiiwas ang tubig ulan na naiipon sa Marikina River patungong Laguna Lake. Sa proseso ng pagbabago ng daanan ng tubig ilog naging mas madalas ang pagbabaha sa mga bayan ng Rizal kung saan ito tumatagos.

Sa kaso naman ng Angono, ayon sa pampinansyang ulat nito (Municipality of Angono, 2013) matapos ang karanasan sa habagat, lumalabas na malaking bahagi ng

pondo para sa DRRM ng munisipyo ay napunta sa mga imprastruktura at sa pagresponde sa *emergency*. Habang karampot na bahagi lamang ang ibinigay na alokasyon sa pagpapalakas ng kapasidad ng mga taga-komunidad, at walang malinaw na alokasyon sa *recovery* o pagbangon ng mga nasalanta tulad ng pautang para sa negosyo, *cash grant*, etc.

Pamamahala ng Evacuation Center Bilang Dagdag na Pasanin ng Kababaihan

Isa ring manipestasyon ng diskriminasyon sa kababaihan na napuna ay ang mismong buhay sa *evacuation center*. Bahagi na ng esteriotipika sa mga kananayan ay ang pamamahala ng buhay pamilya sa pamamagitan ng paggampan sa mga reproductibong gawain. Dahil ito ay itinuturing na sumasaklaw lamang sa sa pribadong buhay, ito ay hindi kompensado. Sa konteksto ng kalamidad ang *evacuation center* ay nagiging ekstensyon ng kanilang reproductibong gawain.

Hindi naman tumitigil ang kanilang papel dahil may nangyaring kalamidad. Hindi rin nagbabago ang hatian ng mga gawaing mag-asawa dahil ang lalaki pa rin ang maghahanap-buhay at ang babae ang gagampan ng gawaing bahay. Subalit sa sa konteksto ng *evacuation center*, lubhang pinapahirap nito ang gawaing reproductibo. Isang malaking salik nito ay ang mga batayang serbisyo na wala o kulang sa *evacuation center*. Una ay ang maliit na espasyo na nakaatang sa bawat pamilya na nakatigil sa *center*. Ang kawalan ng maayos na designasyon ng kusina, lugar tulugan, sala, etc. ay nagtutulak sa mga kananayan na maging malikhain sa paggamit ng kanilang maliit na espasyo. Sa gabi, tulugan; sa umaga, kusina; sa tanghali, lugar pahingahan, etc. Sa ganitong lagay ko napagtanto na *time and space* ang epekto ng kalamidad sa buhay ng mga kananayan. Mahirap ding abutin o makuha ang mga

pangangailangan tulad ng malinis na tubig na kakambal na ng madaming gawaing bahay.

Nariyan din ang pagsisiguro ng pagbabalanse ng seguridad ng mga kapamilya at ng mga karampot (subalit napakahalaga) na ari-arian. Dahil mga telang partiyon ang kadalasang gamit ng mga pamilya, hindi malayong nagkakakuhaan ng mga gamit, kaya kailangang patuloy na magbantay. Habang bahagi rin ng responsibilidad ang pagsisiguro na walang masamang mangyayari sa mga anak na naglalaro sa labas ng kalye.

Ang Kakulangan ng Sensitibidad sa Pangangailangan ng Kababaihan Bilang Manipestasyon ng Subordinasyon

Kung pagtutuunan ng pansin ang naging gastusin ng lokal na pamahalaan ng Angono pagkatapos ng habagat noong Setyembre 2013, makikita na ang malaking bahagi ay napunta sa pagpapagawa ng mga pampublikong imprastruktura tulad ng mga kalsada, tulay, mga kanal, at pagpapalalim ng mga likas na daanan ng tubig baha. Bagaman mahalaga ang imprastruktura, makikita rin ang pagkiling sa gawaing pampubliko na kadalasang sumasaklaw sa gawaing pangkalalakihan. Malaki ang implikasyon ng pagbabalik ng mga imprastruktura sa muling pagpapadaloy ng mga gawaing pang-ekonomiya na kadalasan ay larangang pangkalalakihan.

Ang kalunos-lunos na lagay ng mga *evacuation centers* (o ang kawalan ng maayos na *evacuation center*) ay repleksyon ng kawalan ng pagpapahalaga sa kontribusyon ng gawaing re produktibo sa *recovery* o pagbangon sa kalamidad. Oo nga na ang mag-asawa at ang kanilang pamilya ay magkakasamang natutulog sa gabi. Subalit sa araw, naiwan ang mga kababaihan at mga kabataan sa mainit at siksikang *center* habang naghahanap-buhay ang

kalalakihan, at syang mas nakararanas at humaharap sa mahirap na kalagayan dito.

Manipestasyon din ang kakulangan o kawalan ng mga pasilidad na pangkababaihan katulad ng maayos at malapit na palingkuran. Makikita sa disenyo o pagkakaplano ng *evacuation center* na malayo at madumi ang mga banyo. Kulang na kulang sa pagsasaalang-alang sa kaligtasan at pangangailangan ng kababaihan.

Ang kakulangan sa sensitibidad ng mga tagagawa at tagapagpatupad ng mga pampublikong polisiya ay bakas ng kawalan ng konsultasyon sa pangangailangan ng kababaihan sa panahon ng kalamidad, bagkus itinatrato na nyutral ang pangangailangan ng lahat ng nakaranas ng kalamidad.

Implikasyon sa Kakayahan at Pag-unlad ng mga Kananayan

Nauna nang tanong ng pag-aaral na ito ay kung ano ang papel na ginagampanan ng diskriminasyon dala ng kalamidad sa kakayahan ng mga kananayan para makamit ang magandang buhay.

Sa kanilang kalagayan bilang mga maralita, banta ang mga diskriminasyon na nararanasan nila upang makamit ang malusog na buhay para sa kanila at sa kanilang pamilya. Rekisitos ng pag-abot sa mga batayang pangangailangan para sa kalusugan ay ang rekursong pinansyal na maari lamang makamit kung mayroong maayos na hanap-buhay, maayos na pabahay, at abot-kayang mga panlipunang serbisyo. Ang mga ito naman ay magiging makatotohanan lamang kung magiging prayoridad ng pamahalaan ang ganitong mga pangangailangan.

Ang kaso ng mga naging biktima ng kalamidad sa San Vicente ay nagpapakita ng isang konteksto kung saan ang

kawalan o kakulangan ng sapi ng mga rekurso ay nagdudulot o nagpapataas ng bulnerabilidad sa isang mahirap na komunidad. At dahil sa dinaranas nilang kalamidad sa pana-panahon, nagiging sagka ito para sa kaganapan ng kanilang mga kakayahan para magkaroon ng maalwang buhay.

Ang regular na pag-apaw at pagbabaha sa San Vicente ay literal na banta sa seguridad at sa maayos na pamumuhay ng mga taga San Vicente. Nakakaranas ng matinding inseguridad ang mga taga-San Vicente dahil palagian silang lumilikas dahil sa baha at bagyo, habang nasisira ang kanilang mga naimpok na ari-arian at hanap-buhay. Ang bahay ay hindi lamang isang bagay para sa mga naninirahan doon kundi simbolo rin ito ng kapangyarihan, kalakasan, pag-asa, at sariling kakayahan. Bunga ito ng mahabang panahon na pakikibaka para sa karapatan sa pabahay. Kung kaya't sa pagkasira ng mga bahay ng mga taga-San Vicente ay tumatagos din sa pagbasag sa kanilang mga pangarap, paniniwala, at karapatang pantao.

Naiisip ko na ang buhay *evacuation center* ay mahirap hindi lang dahil sa pisikal na kalagayan ng mga *evacuees* kundi dahil sa mabigat na dagdag alalahanin na dulot nito sa kaisipan ng mga kananayan. Isa sa mga reyalisasyon ko sa pakikipagpanayam sa mga kananayan ay ang kanilang marubdob na pagsusumikap na maibalik ang *sense* ng pagiging normal na kalagayan sa buhay ng kanilang pamilya. Pero para magawa ito kailangang sila ang kumarga ng alalahanin, e.g., kung saan kukuha ng malinis na tubig bilang panggamit sa mga gawing reprodktibo. Uso ang sakit sa *evacuation center* at dagdag pasanin ito para sa mga ina kapag nagkakasakit ang kanilang mga anak. Sa dami ng mga problemang kinakaharap nila ay nauubos ang kanilang panahon sa paghanap ng kagyat na mga solusyon, at kadalasang napupunta ito sa pagpapabaya ng sariling pangangailangan.

Isa sa nagiging resulta ng kalamidad ay ang pagtaas ng krimen sa mga lugar na apektado. Iba-iba ang uri nito mula sa pagsagot sa pangangailangan, proteksyon sa nalalabing ari-arian, o sobrang *frustration* sa kalagayan kaya naibabaling ang galit sa kapwa. Ipinapakita ng ganitong kalagayan na napupwersa ang tao na bitawan ang mga dating nakagawian sa pagtrato, pakikitungo, at pagpapahalaga sa kapwa dahil nangingibabaw na ang kagustuhang pangalagaan ang sariling buhay.

Sa pangkalahatan malaki ang nagagawa ng kalamidad para mawalan ng pag-asa ang mga taong naapektuhan dahil nagkakaroon ng pakiramdam ng kawalan ng kontrol sa mga nagyayari sa kanilang paligid at kawalan ng kapangyarihan para baguhin ang mga hindi kaaya-ayang kalagayan parehong sa kagyat at pangmatagalan. Bagaman maraming mga karanasan na nagpapatunay na mayroong sariling kalakasan ang mga naapektuhan para bumangon, ito rin ay tumutulay sa gahiblang pundasyon sa harap ng mas dumadami at papalakas na mga kadelikaduhan.

Implikasyon sa Gawaing Pagpapaunlad

Makikita na dahil sa hindi sensitibong pagpapalano at pagpapatupad ng mga proyekto para makatugon at makabangon sa epekto ng kalamidad nakakadagdag ang mga ito sa hikahos na kalagayan ng mga apektado.

Ipinakita ng karanasan ng mga kananayan na mas lumala ang kanilang kalagayan at diskriminasyong nararanasan ng sila ay malipat sa *evacuation center* dala ng mga polisiya at proyektong hindi mulat sa pangangailangan nila.

Maaring hindi na bago na sabihing dapat partikular tayo na nasa gawaing pagpapaunlad (pribado man o publiko) sa mga tulaling pangangailangan ng bawat sektor

pagdating sa pagbangon sa epekto ng kalamidad. Marami na ring literatura ang nagsasabi nito. Mukhang napapanahon na hindi lamang pagbibigay ng serbisyo (o pagsisiguro na maibigay ang mga ito) ang dapat pagtuunan ng pansin kundi kung papaano ba ito nag-aambag sa kakayahan ng isang indibidwal para masabi niya na ganap at maganda ang kanyang buhay.

Bilang isang *community development practitioner*, naniniwala ako na isang mahalagang larangan ang pag-oorganisa ng mga kababaihan sa pagkakamit ng magandang buhay. Hindi magiging makatotohanan ang pag-unlad hanggat may naiiwan at nahuhuli sa mga bunga nito. Upang maging makatotohanan ito, kinakailangan na organisado at tumataya ang mga kababaihan sa pagtatakda ng kanilang sariling pag-unlad. Naniniwala rin ako na ang pangunahing lakas ay nasa dami ng bilang.

Bagaman may sariling lakas ang mga kababaihan na kayang magamit kapag sila ay nag-organisa, nakikita naman sa kasalukuyan na may papel ang mga eksternal na aktor sa pag-ayuda at pagpapalakas ng mga kapasidad ng mga komunidad. Napakalawak ng saklaw nito na walang isang entidad lamang ang makasasagot.

Pag-oorganisa Bilang Behikulo sa Pagbabago ng mga Kaayusang Institusyonal

Nauna nang nabanggit na mahalaga ang mga institusyon dahil ito ang nagtatakda ng mga relasyon ng mga aktor na nakapaloob dito, maging ito man ay indibidwal o mga organisasyon. Sa kaso ng pagpapatupad ng batas sa DRRM, bagaman isinasaad na kailangang pamahalaan ang kapakanan ng mga bulnerableng sektor, ang interpretasyon at pagpapatupad nito ay bumabatay pa rin sa kung papaano ito binibigyang pakahulugan ng mga institusyong kalahok sa pamamahala. Sinasabi ni Bell

(2002) na bagaman ang institusyon ang siyang gumagabay sa kilos at anong uri ng relasyon meron ang mga organisasyon at indibidwal na nakapaloob dito at ito ay mahirap at matagal mabago, kaya ring impluwensyahan at baguhin ng mga organisasyon ang mga institusyunal na kaayusan upang umayon sa pangangailangan nila.

At ito ang higit na nagpapalakas sa kaso ng pag-oorganisa sa hanay ng kababaihan sa usapin ng pagpapalakas ng kanilang kapasidad. Na hindi maaring mabago ang mga institusyon upang umayon sa kanilang mga interes at kapakanan kung hindi ito tatapatan ng sama-sama at organisadong pagkilos.

Isang sentro ng pagbabago ng institusyunal na kaayusan ay ang proseso ng pormal na pamamahala na gawing mas inklusibo at mapanlahok sa mga bulnerableng sektor. Partikular ang mga proseso ng pagpapalano at papapatupad ng mga proyekto at programa patungkol sa pamamahala at pagpapababa ng peligro ng kalamidad: tamang pag-aaral sa kalagayan ng mga bulnerableng sektor, mapanlahok na pagpapalano ng mga gawaing may kinalaman sa pagpapababa ng panganib ng kadelikaduhan, at angkop at makatarungang paggamit ng mga rekurso sa iba't-ibang yugto ng kalamidad.

Pamamahala Bilang Panimulang Hakbangin

Ayon sa RA 10121, inaatasan ang lahat ng lokal na pamahalaan na bumuo ng mga Local Disaster Risk Reduction and Management Councils (LDRMMC) mula sa antas ng probinsya hanggang sa barangay. Responsibilidad ng LDRMC na magabayan ang pagbubuo ng Local Disaster Risk Reduction Management Plan (LDRRMP) at bantayan ang tamang implementasyon nito sa mga komunidad. Sa kasalukuyan, maliban sa mga representante ng mga opisina ng pamahalaan, mayroong apat na upuan para sa mga grupo ng Civil Society (CSO) at isa para sa

pribadong sektor ang LDRRMC sa antas ng probinsya at munisipyo. Habang sa antas ng barangay ay mayroong dalawang upuan para sa CSO.

Hindi hayag ang pagtutukoy sa kung anong uri ng CSO o anong sektor magmumula ang mga representante nito. Dito maaring igiit sa larangan ng adbokasiya at pag-oorganisa na espisipikong kilalanin ng mga lokal na pamahalaan ang papel at kahalagahan ng kontribusyon ng kababaihan sa DRRM sa pamamagitan ng pagtitiyak na sa *minimum* ay may isang representante sa LDRRMC na mula sa sektor ng kababaihan.

Responsibilidad din ayon sa batas ng mga lokal na pamahalaan na bumuo ng Local Disaster Risk Reduction Management Office (LDRRMO) na pangunahing taga-implementa ng LDRRMP kasama na dito ang pamamahala ng mga *evacuation center*. Dahil ang mga usapin sa *evacuation center* ay kadalasang may epekto sa kalagayan ng mga kananayan, kinakailangang masiguro na ang pamamahala ay sasalamon sa mga aral mula sa karanasan ng mga kananayan. Dagdag dito, maisulong ang pagkakaroon ng mga *evacuation center* na sumusunod sa mga pamantayang itinakda. Sa aspetong ito ay may malaking papel na maaring gampanan ang mga CSO mula sa pagpapalakas ng kapasidad ng mga kananayan upang maigiit na maisama sila sa mga proseso ng pagdedisyon at implementasyon, ang patuloy na adbokasiya sa mga lokal na pamahalaan na kilalanin at ipatupad ang batas ng DRRM, at iangat ang diskurso mula sa pagpapababa ng panganib ng kalamidad patungong pagsagot sa mga usaping may kinalaman sa ganap na pag-unlad ng mga kababaihan.

Mga Sanggunian

- Ateneo Human Rights Center (2007). *Training manual on gender sensitivity and cedaw*. Retrieved from http://cedaw-seasia.org/docs/Philippines/P9_CEDAWTrainingManual_PhilJA.pdf.
- Balisacan, A.M. (2014). *The Philippine economy: progress, challenges, strategies*. Retrieved from <http://www.neda.gov.ph/?p=2606> .
- Ballesteros, M. (2010). *Linking poverty and the environment: evidence from slums in philippine cities*. Makati City: Philippine Institute for Development Studies.
- Ban Ki-moon, (2012). Secretary-general's remarks to unfccc cop18 high-level segment. Retrieved from <http://www.un.org/sg/statements/index.asp?nid=6482>
- Bell, Stephen (2002). *Institutions. Government, politics, power and policy in Australia* (pp. 363–380). NSW Australia: Pearson Education Australia
- Ferrer, O. (2009). *Tools of analysis and analytical framework. Community development: practice in the Philippine setting* (unpublished).
- Heijmans, A. & Victoria, L. (2001). *Citizenry-based and development-oriented disaster response*. Quezon City: Center for Disaster Preparedness.
- Lagmay, A.M (2011). *Understanding earthquakes* (Powerpoint slides).
- Manila Standard Today (2013). *SM cites resilient investments in disaster risk reduction*. Retrieved from <http://manilastandardtoday.com/2013/06/08/sm-cites-resilient-investments-in-disaster-risk-reduction/>
- Municipality of Angono (2013). *Report on the receipt and utilization of disaster risk reduction and management (DRRM) funds for the quarter december 2013*. Retrieved from <http://www.angono.gov.ph/financials/special/ldrrm/4th%20Quarter%202013%20LDRRM.pdf>
- Nellemann, C., Verma, R., and Hislop, L. (eds.). 2011. *Women at the frontline of climate change: Gender risks and hopes. A Rapid Response Assessment*. AS, Norway: Birkeland Trykkeri
- Nussbaum, M. (2000). *Women and Human Development: The Capabilities Approach*. Cambridge: Cambridge University Press.
- Preventionweb (2013). *Philippine disaster statistics*. Retrieved from <http://www.preventionweb.net/english/countries/statistics/index.php?cid=135>
- Sanderson, D. (2012). *Livelihood protection and support for disaster*. In B. Wisner, J. Gaillard, & I. Kelman (eds.), *The routledge handbook of hazards and disaster risk reduction* (pp. 697–710). London: Routledge.

Sen, A. (1999). *Development as freedom*. NY: Anchor Books.

United Nations Research Institute for Social Development (2005). *Words into action: a guide for implementing the hyogo framework*. Retrieved from

www.unisdr.org/files/8720_summaryHFP20052015.pdf

United Nations Research Institute for Social Development (UNRISD). *Social development in an uncertain world: unrisd research agenda 2010–2014*. Retrieved from www.unrisd.org

Wisner, B., Blaike, P. & Davis, I. (2003). *At risk: natural hazards, people's vulnerability and disasters 2nd Ed.* Retrieved from

http://www.google.com.ph/url?sa=t&rct=j&q=&esrc=s&source=web&cd=1&ved=0CBoQFjAA&url=http%3A%2F%2Fwww.preventionweb.net%2Ffiles%2F670_72351.pdf&ei=iRHgU5WwDM_g8AXNgllADg&usg=AFQjCNGbM_eWQEuxwduToQ2KN8kJsM86mQ&bvm=bv.72197243,d.dGc